

ORTOGRAPIYA ITÁWIT

Ortograpiyang
Itáwit

ORTOGRAPIYA ITÁWIT

Karapatang-sipi © 2016 nina Susan A. Pagulayan, Analiza E. Talattad, Natividad P. Carag, Augusta D. Sales, Clifford E. Abad, Dr. Inocencio T. Carag, Dr. Marites S. Lingan, Dr. Noemi O. Obsena, Leila P. Areola, Gilbert N. Tong, at ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 02.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

CIP Data

Ortograpiya Itáwit = Ortograpiyang Itáwit/Susan A. Pagulayan... [et al.]. -- Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, c2016.

ISBN 978-971-0197-93-4

Itáwit language.
Filipino language.

1. Philippines – Languages – Orthography and spelling.
I. Talattad, Analiza E. II. Carag, Natividad P. III. Sales, Augusta D. IV. Abad, Clifford E. V. Carag, Inocencio T. VI. Lingan, Marites S. VII. Obsena, Noemi O. VIII. Leila P. Areola, IX. Gilbert N. Tong, X. Kagawarn ng Edukasyon Rehiyon 02. IX. Ortograpiya Itáwit.

PL5992 499.217 2016

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Daang JP Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525
Email: komfil@kwf.gov.ph
Website: www.kwf.gov.ph

Nilalaman

5	MENSAHE Mensahe
9	PAMUKAT Pambungad
14	GRAFEMA Grafema
18	PANTIG ANTARE PALAPANTIGAN Pantig at Palapantigan
24	PADDELETRA NGA AVVUYAT Pagbaybay na Pabigkas
32	PADDELETRA NGA ATTURAT Pagbaybay na Pasulat
40	ZIPING NGA PATINIG Kambal-Patinig

46

**ZIPING NGA KATINIG ANTARE DIGRAPO
NGA SK, ST, SH, KT**

Kambal-Katinig at Digrapong SK,
ST, SH, KT

48

PATTALI NGA E/I ANTARE O/U

Palitang E/I at O/U

52

TULDIK IRA

Mga Tuldik

60

KEUSA YO GALLANG

Gamit ng Gitling

68

**ANG MGA BUMUO
NG ORTOGRAPIYANG ITÁWIT**

MENSAHE

MENSAHE



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION

Regional Office No. 02(Cagayan Valley)
Regional Government Center, Carig Sur
Tuguegarao City, 2500



Mabuhay DepEd Rehiyon 02!

Isang malaking tagumpay para sa DepEd Rehiyon 02 sa tulong ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang makabuo ng ortograpiya para sa iba't ibang katutubong wika sa Lambak Cagayan. Bilang kauna-unahang rehiyon sa buong bansa na may pinakamaraming bilang ng ortograpiyang nailimbag ay isang karangalan upang marating ang puso ng bawat mamamayang Filipino hábang hinuhubog natin ang kanilang magandang kinabukasan gámit ang mga katutubong wika para sa kanilang edukasyon.

Ito'y isang patunay na táyo ay sensitibo sa pangangailangan ng ating mag-aaral at sa lahat ng mga adhikain ng ating departamento na mabigyan ng pantay, napapanahon, sapat at de-kalidad na edukasyon ang lahat ng tao lalong-lalo na ang mga katutubo.

Ang mga ortograpiyang ito ay magsisilbing gabay at batayán ng mga lokal na manunulat ng ating rehiyon upang maisaalang-alang ang isang estandardisadong paraan ng pagsulat (kontekstuwalisasyon) ng mga kagamitang pampagtuturo para sa mga batang mag-aaral gámit ang kani-kanilang mother-tongue.

Hudyat din ito ng ating pagpapalawig sa programang Mother-Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na may layuning maipaliwanag nang mas malinaw, kongkreto at makabuluhan ang mga konseptong dapat maláman ng mga mag-aaral.

Dahil dito, lubos kong pinasasalamatán ang buong Komisyon sa Wikang Filipino sa pamumuno ni Virgilio S. Almario, National Artist sa tulong, suporta at libreng kopya ng mga aklat na ito. Ito ay simbolo ng ating iisang layunin na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa.

Binabati ko rin ang lahat ng mga manunulat sa walang humpay na paglalaan ng oras at tiyaga sa simula hanggang matapos ang proyektong ito.

Ang tagumpay na ito ay tagumpay nating lahat.
Táyong lahat, TAYO! para sa K to 12.

ESTELA LEON-CARIÑO, EdD, CESO IV

Director III
Officer In-Charge
Office of the Regional Director

PAMUKAT

PAMBUNGAD

Ang pagnanais na matugunan ang pangangailangan ng mga lokal na manunulat at guro sa Rehiyon 02 para sa isang estandardisadong pagsulat ng mga kagamitan sa pagtuturo gamit ang katutubong wika ay naging tulay upang mabuo ang mga ortograpiyang ito.

Ito ay naglalaman ng mga ibá't ibáng tuntunin tungkol sa tamang pagbabaybay o ispelang at iba pang mga aspektong may kinalaman sa pagsulat.

Ang ortograpiyang ito ay sinikap na maisaayos upang magabayan ang mga manunulat ng mga kagamitan sa pagtuturo gâmit ang katutubong wika na naaayon sa wastong paraan ng pagsulat at may konsistensi sa paggamit ng wika batay sa mga nakalahad na tuntunin.

Inaasahan namin na ito ay makakatulong sa mga guro para mas mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng mother-tongue at bílang pagkilala sa karapatan ng bawat katutubo na mabigyan ng dekalidad na edukasyon gamit ang kanilang sariling wika.

Nawa'y pahalagahan at gamitin natin ito bílang batayan sa pagsulat ng maikling kuwento, tula, sanaysay, at iba pang mga pangunahing kagamitan sa pagtuturo upang mapangalagaan at mapayabong ang lahat ng mga katutubong wika sa buong Lambak Cagayan.

Dahil sa inyo, ang aklat na ito ay nabuo. Ingatan natin ito.

JAMES D. PAMITTAN
MTB-MLE Supervisor

Itáwit yo isa kanyo unna nga ergo kang Cagayan nga posible nga mawawan. Mari ngammin yo neanak nga Itáwit e mangiusa kanyaw. Massesenut nga mawawan yaw nga ergo ngin.

Kanyo pattuldu kang Itáwit nga ergo kang K-12 kurikulum, dakal yo meuffun na ta senu nakasta keusa na, ta yaw nga ergo, awan nga kagitta na. Immuhuran antare usan zinan ira yo mappapanget nga Itáwit ta senu mari nga mawawan/malippanan.

Importante yaw nga ortograpiya kanyo pattuldu kang Itáwit. Masserbi yaw nga giyya ta senu alistu nga metuldu, mantindiyan antere meusa. Makakoffun yaw kanyo minatturat antare tagaangwa kang istorya, kansiyon, palavvun, antare akkayanan kang Itáwit.

Kanyo paggangwa kang ortograpiya Itáwit, nappasa kang nadduruma nga proseso gitta yo konsultasyon antare pamakurug kanyo kakurwan na ta senu malat antare melahum ngammin kang ergo Itáwit. Aru yo noroffun kanya patturat kanyaw. Pati tu propesyonal nga Itáwit nga naggafu kang nadduruma nga ofisina, tu narretiro ira, mestru, antare mestra kang Universidad, mekakuwa nga opisyaales kanyaw nga lugar antare tu miyembro yo grupo Itáwit.

Mari nga perpekto yaw nga ortograpiya. Hinyan siguro ira nga importante nga mari nalahum kanyaw. Yaw gafu na, alawattam mi yo hanna laman nga suhestiyon para kanyo pammakapiyanan na yaw.

Itáwit ang isa sa mga pangunahing wika sa Cagayan na nanganganib na mawala nang tuluyan. Hindi lahat ng mga ipinanganak na Itáwit ay gumagamit nitó. Ang bílang ng mga Itáwit na nagsasalita ng kanilang katutubong wika ay pakaunti nang pakaunti.

Ang pagtuturo ng katutubong wikang sa K-12 kurikulum ay makatutulong para lalong pasiglahin ang paggamit ng wikang Itáwit sa kadahilanang ang Itáwit ay walang katulad. Inaasahang ito ay mapapangalagaan at gagamitin ng susunod na mga henerasyon para hindi tuluyang mawala.

Ang ortograpiyang ito ay napakahalaga sa pagtuturo ng Itáwit. Ito ay magsisilbing gabay para madaling ituro, maintindihan at gamitin ang nasabing wika. Makatutulong din ito sa mga manunulat, tagasalin at mga kompositor sa paglinang ng mga panitikang Itáwit.

Ang paggawa ng ortograpiya sa Itáwit ay dumaan sa iba-ibang proseso ng paggawa kagaya ng konsultasyon, pagpapatutuhanan, pagbalida at serye ng pagwawasto para makuha at maisama ang lahat ng katangian ng wikang Itáwit. Marami ang nagtulong-tulong sa pagsulat ng palabaybayan na ito. Kasáma dito ang mga propesyonal na Itáwit gáling sa iba't ibang ahensiya, mga retiradong personalidad, propesor sa mga Unibersidad, mga respetadong namumuno sa mga komunidad at mga kinatawan ng mga samaháng binuo ng mga Itáwit.

Ang materyal na ito ay hindi ganap o perpekto. Maaring may mga mahahalagang katangian ng wikang Itáwit na hindi nakita at naisama. Dahil dito, magiliw na tinatanggap ang lahat ng mga mungkahi sa lalong ikabubuti at ikakayaman ng ortograpiyang ito upang maging higit na katanggap-tanggap sa mga Itáwit.

1 | GRAFEMA

Neturat yaw nga ortograpiya ta senu mantindiyan antare mavuyat kang kustu yo Itáwit. **Grafema** yo pangakkul kang isa nga grupo ya gannug kan yo sistema yo atturat. Mabuo yo letra antare mari nga letra yo grafema Itáwit.

1.1. Letra ira. Yo **letra** e simbolo yo isa nga gallu kang pagergo. Hinyan ira patinig o bokablo antare katinig o konsonante yo alpabeto. Yo **alpabeto** e patturunug yo letra o titik.

Hinyan duwafulu se walu (28) nga letra yo alpabeto Itáwit. Hinyan itadag na nga neeruma nga guni yo kada isa nga letra. Mevuyat o mabibbig yo kada isa nga letra kang guni Ingles fera laman yo Ññ nga mevuyat alle kang Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	Ngng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Kanya duwafulu se walu (28) nga letra, katinig yo duwafulu se tallu (23). Ira yaw e: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg,

1 | GRAFEMA

sinulat ang ortograpiya upang maunawaan at mabigkas nang wasto ang Itawi. **Grafema** ang tawag sa isang pangkat ng mga bagay sa isang sistema ng pagsulat. Ang mga grafema sa Itáwit ay binubuo ng mga titik at mga di-titik.

1.1. Mga Titik. Ang **titik** o **letra** ay sagisag sa isang tunog sa pagsasalita. May mga patinig o bokablo at mga katinig o konsonante ang alpabeto. **Alpabeto** ang serye ng mga titik o letra.

Ang alpabetong Itáwit ay binubuo ng dalawampu't walong (28) titik. Ang bawat titik ay kumakatawan sa isang natatanging tunog. Binibigkas o binabasa ang bawat titik sa tunog-Ingles maliban sa Ññ na bigkas-Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	Ngng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sa 28 na titik, dalawampu't tatlo (23) ay katinig, ito ang mga sumusunod: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz

Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy antare Zz; antare lima nga patinig, ira yaw e: Aa, Ee, Ii, Oo, Uu.

1.2. Mari nga letra. Kang ergo Itáwit, hinyan ira mari nga letra nga meusa gitta na simbolo tunnat antare nadduruma nga bantas. Yo dieresis (¨) e isa tunnat nga meusa kanyo guni yo *schwa*.

Ira yaw nga bantas yo meusa ta senu makasta yo pagergo kang Itáwit kagitta kanyo letra, ergo, parirala antare kanyo makahi-kahi ira.

Mangiusa yo ergo Itáwit kang diyakritikal nga marka kagitta yo metunug: 1. paiwa (˘) antare pakupya (^) para kang impit nga guni. 2. Pahilis (´) nga simbolo para kang ergo nga awan na impit. 3. Bantas ira kagitta yo tunnat (.), pananong (?) padamdad (!), kuwit (,) tuldok-kuwit(;) tutuldok (:), antare gallang (-).

Yo keusa yo dudduma peba nga bantas e mebase kang kalakaran kang Filipino nga ergo.

at lima (5) ang patinig, ito ay ang: Aa, Ee, Ii, Oo, Uu.

1.2. Di-titik. Binubuo ang di-titik ng mga tuldik at mga bantas. Ang dieresis (¨) ay isang tuldik na kumakatawan sa tunog na *schwa*.

Ang mga bantas ay kumakatawan sa mga patlang at himig ng pagsasalita sa pagitan ng mga titik at pantig, sa pagitan ng mga salita at mga parirala, at sa pagitan ng mga pangungusap.

Ginagamit sa wikang Itáwit ang diyakritikal na mga marka tulad ng sumusunod: 1. paiwa (˘) at pakupya (^) para sa mga tunog na may impit. 2. Simbolong pahilis (˘) para sa mga salitang walang impit. 3. Mga bantas tulad ng tuldok (.), pananong (?), padamdang (!), kuwit (,), panaklong (()), panipi (“ ”), gatlang (-), kudlit (‘), tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), at gitling (-).

Ang mga gamit ng iba pang mga bantas ay sumusunod sa kalakaran sa wikang Filipino.

2 | PANTIG ANTARE PALAPANTIGAN

Yo **pantig** o **silaba** e isa nga parte yo guni nga hinyan kan yo isa nga patinig o patinig pati isa o aru nga katinig. Yo kada isa nga patinig (a/e/i/o/u) e isa nga pantig; ngem, mawag yo kada isa nga pantig yo isa nga patinig ta se mabbalin nga pantig. Meamung peba nga hinyan isa laman nga patinig kan yo kada isa nga pantig ngem mabalin nga mas aru kang duwa yo katinig kan yo isa nga pantig

2.1. Nekakuwa ya pantig. Segun kan yo sinunug nga eksplikasyon, yo pantig e awayya na nga hinyan nga isa nga pantig onu isa nga katinig en isa nga patinig. Vulunan yo nekakuwa yo pantig yo neketurat yo simbulo antare itadag yo K yo **katinig** antare P yo **patinig**.

Nekakuwa na	Aggangaryan Ira
P	a•tu
KP	jo, na, ta, ka
PK	an•ta•re
KPK	a•wan
KKP	pla•to
KKPK	plan
KPKK	dorm
KKPK	trak, plan•tsa
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

2 | PANTIG AT PALAPANTIGAN

Ang **pantig** o **silaba** ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o higit pang katinig. Bawat patinig (a/e/i/o/u) ay isang pantig; samantala, kailangan ng bawat katinig ang isang patinig upang maging pantig. Dagdag pa, may isa lámang patinig sa bawat pantig samantalang maaaring mahigit sa dalawa and katinig sa isang pantig.

2.1. Kayarian ng pantig. Ang pantig sa wikang Itáwit ay binubuo ng isang patinig, isang katinig at patinig, 2 o higit pang katinig at isang patinig. Ang titik K ay kumakatawan sa **katinig** at ang letra P ay kumakatawan sa **patinig**.

Kayarian	Halimbawa
P	a•tu
KP	jo, na, ta, ka
PK	an•ta•re
KPK	a•wan
KKP	pla•to
KKPK	plan
KPKK	dorm
KKPK	trak, plan•tsa
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

Masita nga kan yo nekakuwa yo pantig e nakabase kan yo estilo kan yo atturat kan sangaw en mari nga kan yo posible nga guni yo isa nga pantig. Gaggahen, mari na nga kayan nga nu hinyan nga ziping nga patinig kanyo pantig megafu kanya maddaggun nga reglamento kanyo patturat kan pantig nga hinyan a ziping nga patinig. Masita pay nga kanyo pantig nga hinyan duwa o nu si mas aru nga katinig e mabalin nga sinakkaw yaw nga ergo kan yo Español o Ingles.

2.2. Pagpapantig kan ergo ira. Yo **pagpapantig** e pabbibillay kan ergo segun kan yo pantig nga neusa kanyaw. Masita yaw kanya mekahi nga grafema o nekaturat nga simbolo. Aggangaryan: /**a•tu**/ atu, /**ba•lay**/ balay. Hinyan kanyaw yo dadduma nga reglamento.

Unna, nu hinyan makkatunug nga katinig kan yo unag yo isa nga ergo, iyamung yo unna kan yo sinunug nga patinig en yo mekadduwa e iyamung pay kan yo sinunug nga pantig. Aggangaryan: /**al•gaw**/ algaw, /**nal•sam**/ nalsam, /**es•tas•yon**/ estasyon, /**os•pi•tal**/ ospital.

Mekadduwa, nu yo unna kan yo tallu nga matturunug nga katinig e M o N antare yo metunug e komforme kan yo BL, BR, DR, PL at TR, yo unna nga katinig M/N

Pansinin na ang mga itinanghal na kayarian ng pantig ay nakabatay sa paraan ng pagsulat sa kasalukuyan at hindi sa posibleng tunog sa isang pantig. Sa gayon, hindi nitó nailalarawan ang pagkakaroon ng kambal-patinig sa pantig dahil sa kasalukuyang tuntunin sa pagsulat ng pantig na may kambal-patinig. Pansinin din na ang mga pantig na may dalawa o mahigit pang katinig ay malimit na taglay ng salitang hiniram mula sa Español o Ingles.

2.2. Pantig at Pagpapantig. Ang **pagpapanitig** ay paraan ng paghati sa isang salita alinsunod sa mga pantig na ipinambuo dito. Nakabatay ito sa grafema o nakasulat sa mga simbolo. Halimbawa: **/a•tu/** (atu), **/ba•lay/** (balay). Narito ang ilang tuntunin:

Una, kung may dalawang magkasunod na katinig sa gitna, ang unang katinig ay isinasama sa unang pantig, samantalang ang pangalawang katinig ay nagiging bahagi ng susunod na pantig. Halimbawa: **/al•gaw/** algaw (araw), **/nal•sam/** nalsam (maasim), **/es•tas•yon/** estasyon (estasyon), **/os•pi•tal/** ospital (ospital).

Ikalawa, kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay M o N at ang kasunod ay alinman sa BL, BR, DR, PL, at TR, ang unang katinig

e metadday kan yo unna nga patinig
antare yo tumunug nga duwa nga katinig
e mevulun kan yo tumunug nga pantig.
Aggangaryan: /**a•lam•bri**/ alambri,
/ **tem•plo**/ templo, / **sen•tro**/sentro,
/ **si•lin•dro**/ silindro.

2.3. Zinoble nga Pantig. Nu mamegafu kan KP ya ergo,
yo unna nga pantig yo madoble. Mesimmu yaw nu
hinyan panlapi yo salitang-ugat. Aggangaryan:
/ **mab•bab•bay•le**/ mabbabbayle, / **ma•ka•tu•tu•rat**/
makatuturat, / **mat•to•to•yang**/ mattotoyang.

(M/N) ay isinasama sa unang patinig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig. Halimbawa: /**a•lam•bri**/ alambri (alambre), /**tem•plo**/ templo, /**sen•tro**/ sentro, /**si•lin•dro**/ silindro.

2.3. Dobleng Pantig. Kung nagsisimula sa KP ang salita, ang unang pantig ang madodoble. Nangyayari ito kung may panlapi ang salitang-ugat. Halimbawa: /**mab•bab•bay•le**/ mabbabbayle (magsasayaw), /**ma•ka•tu•tu•rat**/ makatuturat (sulat nang sulat), /**mat•to•to•yang**/ mattotoyang (mamamasyal).

3 | PADDELETRA NGA AVVUYAT

sa-isa nga mevuyat kan mapiya yo patturunug yo letra ira nga hinyan kan yo ergo, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolo nga meusa kan agham antare dudduma peba.

3.1. Pantig

Atturat	Paddeletra
ka	/key-ey/
tan	/ti-ey-en/
ham	/eyts-ey-em/
bri	/bi-ar-yu/

3.2. Ergo

Atturat	Paddeletra
mapiya	/em-ey-pi-ay-way-ey/
tuttug	/ti-yu-ti-ti-yu-dyi/
fefeg	/ef-i-ef-i-dyi/
bavi	/bi-ey-vi-ay/

3 | PAGBAYBAY NA PABIGKAS

sa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agram at iba pa.

3.1. Pantig

Pagsulat	Pagbigkas
ka	/key-ey/
tan	/ti-ey-en/
ham	/eyts-ey-em/
bri	/bi-ar-yu/

3.2. Salita

Pagsulat	Pagbigkas
mapiya (mabuti)	/em-ey-pi-ay-way-ey/
tuttug (upô)	/ti-yu-ti-ti-yu-dyi/
fefeg (pamaypay)	/ef-i-ef-i-dyi/
bavi (baboy)	/bi-ey-vi-ay/

3.3. Akronim

Atturat	Paddeletra
CAGELCO (Cagayan Electric Cooperative)	/ kapital si-kapital ey-kapital dyi-kapital i-kapital el-kapital si-kapital o/
CAR (Cordillera Administrative Region)	/ kapital si-kapital ey-kapital ar/
DAR (Department of Agrarian Reform)	/ kapital di-kapital ey-kapital ar/
CHED (Commission on Higher Education)	/ kapital si-kapital eyts-kapital i-kapital di/
ALS (Alternative Learning System)	/ kapital ey-kapital el-kapital es/

3.4. Daglat

Atturat	Paddeletra
elem. (elementarya)	/i-el-i-em tunnat/
supt. (superintendent)	/es-yu-pi-ti tunnat/
sch. (school)	/es-si-eyts tunnat/
hon. (honorable)	/eyts-o-en tunnat/
pres. (presidente)	/pi-ar-i-es tunnat/

3.3. Akronim

Pagsulat	Pagbigkas
CAGELCO (Cagayan Electric Cooperative)	/ kapital si-kapital ey-kapital dyi-kapital i-kapital el-kapital si-kapital o/
CAR (Cordillera Administrative Region)	/ kapital si-kapital ey-kapital ar/
DAR (Department of Agrarian Reform)	/ kapital di-kapital ey-kapital ar/
CHED (Commission on Higher Education)	/ kapital si-kapital eyts-kapital i-kapital di/
ALS (Alternative Learning System)	/ kapital ey-kapital el-kapital es/

3.4. Daglat

Pagsulat	Pagbigkas
elem. (elementarya)	/i-el-i-em tuldok/
supt. (superintendent)	/es-yu-pi-ti tuldoK/
sch. (school)	/es-si-eyts tuldoK/
hon. (honorable)	/eyts-o-en tuldoK/
pres. (presidente)	/pi-ar-i-es tuldik/

3.5. Inisyals

3.5.1. Tolay antare Meusa ira

Atturat	Paddeletra
MLQ (Manuel L. Quezon)	/kapital em-kapital el-kapital kyu/
CVMC (Cagayan Valley Medical Center)	/kapital si-kapital vi-kapital em-kapital si/
Fernando Poe Jr.	/kapital ef-kapital pi-kapital dyey/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/

3.5.2. Institusyon/Grupo

Atturat	Paddeletra
IP (Indigenous People)	/kapital ay-kapital pi/
GSP (Girl Scouts of the Philippines)	/kapital dyi-kapital es-kapital pi/
PTA (Parent-Teacher Association)	/kapital pi-kapital ti-kapital ey/
SDS (Schools Division Superintendent)	/kapital es-kapital di-kapital es/
TECS (Tuguegarao East Central School)	/kapital ti-kapital i-kapital si-kapital es/

3.5. Inisyals

3.5.1. Mga Tao at Bagay

Pagsulat	Pagbigkas
MLQ (Manuel L. Quezon)	/kapital em-kapital el-kapital kyu/
CVMC (Cagayan Valley Medical Center)	/kapital si-kapital vi-kapital em-kapital si/
Fernando Poe Jr.	/kapital ef-kapital pi-kapital dyey/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/

3.5.2. Institusyon/Pangkat

Pagsulat	Pagbigkas
IP (Indigenous People)	/kapital ay-kapital pi/
GSP (Girl Scouts of the Philippines)	/kapital dyi-kapital es-kapital pi/
PTA (Parent-Teacher Association)	/kapital pi-kapital ti-kapital ey/
SDS (Schools Division Superintendent)	/kapital es-kapital di-kapital es/
TECS (Tuguegarao East Central School)	/kapital ti-kapital i-kapital si-kapital es/

3.5.3. Simbolo kan Agham antare Matematika

Atturat	Paddeletra
H ₂ O (Hydrogen Oxide)	/kapital eyts-tu-kapital o/
Au (gold)	/kapital ey-yu/
km (kilometro)	/key-em/
kg (kilogramo)	/key-dyi
ft (feet)	/ef-ti/

3.5.3. Simbolo sa Agham at Matematika

Pagsulat	Pagbigkas
H ₂ O (Hydrogen Oxide)	/ kapital eyts-tu-kapital o/
Au (gold)	/ kapital ey-yu/
km (kilometro)	/ key-em/
kg (kilogramo)	/ key-dyi
ft (feet)	/ ef-ti/

4 | PADDELETRA NGA ATTURAT

4.1. Keusa yo Walu nga Bahu nga Letra. Kang Itáwit, kan yo walu (8) nga bahu nga neamung nga letra gitta yo Cc, Ff, Jj, Ññ, Qq, Vv, Xx at Zz e apat (4) yo hinyan nga gallu na kang Itáwit. Yaw i Jj, Ff, Vv, antare Zz. Aggangaryan:

Jj	badjáw jo ju ján
Ff	kadjáw afi afutu afuku fefeg sifun
Vv	bavi avuk uvovug mavulun
Zz	vuna kazzing zinagan ziwanan zimigi zingzing

4 | PAGBAYBAY NA PASULAT

4.1. Gámit ng Walong Bagong Letra. Sa Itáwit, sa walong (8) bagong dagdag na titik sa Filipino na Cc, Ff, Jj, Ññ, Qq, Vv, Xx at Zz ay 4 lámang ang radikal na pagbabagong naidagdag sa alpabeto. Ito ang Jj, Ff, Vv, at Zz, Halimbawa:

Jj	badjájw (bagyo) jo (heto) ju (iyon) ján (saan) kadjájw (sigaw)
Ff	afi (apoy) afutu (puso ng saging) afuku (apo) fefeg (pamaypay) sifun (sipon)
Vv	bavi (baboy) avuk (buhok) uvovug (salita) vulun (sáma) vuna (tirá)
Zz	kazzing (kambing) zinagan (dinuguan) ziwanan (kanan) zimigi (kaliwa) zingzing (dingding)

Meusa laman yo duma nga appat nga letra nga Cc, Ññ, Qq antare Xx kattu takkaw nga ergo pati kattu firmi nga ngahan yo tolay, lugar, meusa pati maka-makuwa. Aggangaryan:

Cc	computer Cagayan Carol coupon card
Ññ	Sto. Niño Malacañang Griño El Niño La Niña
Qq	Quintana Quezon Hill Quirino Quizagan Quintos
Xx	xerox x-ray Mozilla Firefox Microsoft Excel Axe

4.2. Bahu nga Natakkaw nga Ergo. Meusa yo walo nga amung nga letra kang bahu nga ergo kang Español, Ingles, antare, tanakwan nga banyaga nga ergo. **Mari kalippanan: bahu nga matakkaw.** Mari mawag nga itoli kang orihinal nga ispeling yo ergo nga pa-abakada yo ispeling na. Aggangaryan, mari nga

Magagamit lámang ang ibang apat na letra na Cc, Ññ, Qq, at Xx sa hiram na salita at sa pantanging ngalan ng tao, lugar, bagay at pangyayari. Halimbawa:

Cc	computer Cagayan Carol coupon card
Ññ	Sto. Niño Malacañang Griño El Niño La Niña
Qq	Quintana Quezon Hill Quirino Quizagan Quintos
Xx	xerox x-ray Mozilla Firefox Microsoft Excel Axe

4.2. Bagong Hiram na Salita. Ginagamit din ang walong dagdag na titik sa mga bagong hiram na salita mulang Español, Ingles, at ibang wikang banyaga. **Tandaan: mga bagong hiram.** Ang ibig sabihin, hindi kailangang ibalik sa orihinal na anyo ang mga hiram na salitang lumaganap na sa baybay ng mga ito

metoli yo F kang orihinal nga *forma* yo Español ta nabayag nga meusa yo **porma** ngin, pati yo deribatibo na nga **pormál, impormál, pormalísimo, pormalidád, depormidád**, pati aru peba. Mari metoli kang *firma* yo **pirma**, *ventana* yo **bintana**, *calle* yo **kalye**, *jamon* yo **hamon**, *existencia* yo **eksistensiya**, *zapatos* yo **sapatos**.

4.3. Dana nga Ergo Español

4.3.1. Mabaybay ngammin yo ergo ira nga naggafu kang Español alle kagitta na pelaman kang Itáwit. Aggangaryan:

Español	Itáwit
baño	baNYo
lappao	lappAW
espejo	espeHO
cofun	KOfun
baguitolay	baGItolay

4.3.2 Mari nanguli yo baybay yo ergo nga naggafu kang karwan nga ergo kang Filipinas. Aggangaryan: **jambangan** (Bahasa Sug) para kang maseta, **masjid** (Mëranaw) para kang balay paddasalan yo Muslim, **avid** (Ivatan) para kang guwapa, **vakul** (Ivatan) para kang pattalakug kang ulu.

4.3.3. Mawag nga metoli kang guni nga o yo ergo Español nga hinyan nga ultimo letra nga o ngem

alinsunod sa abakada. Halimbawa, hindi dapat ibalik ang F ng orihinal na forma sa Español dahil ginagamit nang matagal ang **pórma** patí ang mga deribatibo nitóng **pormál, impormál, pormalísmo, pormalidád, depormidád**, atbp. Hindi rin dapat ibalik ang **pírma** sa *firma*, ang **bintanà** sa *ventana*, ang **kálye** sa *calle*, ang **tséke** sa *cheque*, ang **pinyá** sa *piña*, ang **hamón** sa *jamón*, ang **eksisténsiyá** sa *existencia*, ang **sapátos** sa *zapatos*.

4.3. Lumang Salitang Español

4.3.1. Lahat ng salitang gáling sa salitang Español ay baybayín sa paraang malápit sa wikang Itáwit. Narito ang ilan sa mga halimbawang salita:

Español	Itáwit
baño	baNYo
lappao	lappAW
espejo	espeHO
cofun	KOfun
baguitolay	baGItolay

4.3.2 Panatilihin ang rihinal na anyo ng mga salitang mula sa ibang katutubong wika ng Filipinas. Agangaryan: **jambangan** (Bahasa Sug) para sa halaman, **masjid** (Mëranaw) para bahay-dasalan ng mga Muslim, **avid** (Ivatan) para sa maganda, **vakul** (Ivatan) para sa pantakip ng ulo.

4.3.3. Ang mga salitang Español na nagtatapos sa titik o ngunit nagiging u sa Itáwit ay kailangang bigkasin

nagiging u kang Itáwit ta tanakwan ngin yo akkahi kang O antare U. Yan ta dapat makahi nga **kampo** yo kampu kang Itáwit nga naggafu kang Español nga *campo*. Hinyan peba nga aggangaryan ira:

Espanol	Itáwit
gobierno	gobyerno mari “gobyernu”
jugado	husgado mari “husgadu”
infierno	infiyerno mari “infiyernu”
insenso	insenso mari “insensu”
baño	banyo mari “banyu”

4.4. Pattakaw Meusa yo Walu nga Bahu nga Letra.

Yo ngammin nga bahu nga letra kang alpabeto yo meusa kang pattakaw kang Filipino, Español, antare Ingles. **Unna**, kang pangngalang pantangi nga natakaw kang banyaga nga ergo, aggangaryan: **Charles, Ceferino, Catherine, Colorado, Fidel, Feliza, San Fernando, Filipinas, Jason, Jennifer, St. Joseph, Jupiter, Beijing, Niñez, Quiroga, Quirino, Vicente, Vladimir, Nueva Vizcaya, Vancouver, Xerxes, Maximo, Mexico, Zenaida, Zion, Zobel, Zanzibar. Mekaduwa**, kang termino kang Agham antare tanakwan nga termino nga teknikal, aggangaryan: **carbon dioxide, Albizia falcataria, jus sanguinis, quorum, quo warranto, valence, x-axis, oxygen, zeitgeist, zero, zygote. Mekatallu**, kang uvovug nga naziyat nga ireispiel, aggangaryan: **cauliflower, flores de mayo, jaywalking, queen, quiz, mix, pizza, zebra.**

na nang wasto sapagkat magkaiba na ang bigkas ng O sa U. Kaya, ang *campo* sa Español na binibigkas noon bilang kampu ay kailangang bigkasin ng kampo. Narito pa ang ilang halimbawa:

Espanol	Itáwit
gobierno	gobyerno hindi “gobyernu”
juzgado	husgado hindi “husgadu”
infierno	infierno hindi “infiernu”
insenso	insenso hindi “insensu”
baño	banyo hindi “banyu”

4.4. Panghihiram Gámit ang 8 Bagong Titik. Sa kasalukuyan, sa gayon, ang lahat ng walong dagdag na titik sa alpabeto ay ginagamit sa tatlong pagkakataón ng panghihiram mula sa mga wikang banyaga. **Una**, sa mga pangngalang pantangi na hiram sa wikang banyaga, halimbawa: **Charles, Ceferino, Catherine, Colorado, Fidel, Feliza, San Fernando, Filipinas, Jason, Jennifer, St. Joseph, Jupiter, Beijing, Niñez, Quiroga, Quirino, Vicente, Vladimir, Nueva Vizcaya, Vancouver, Xerxes, Maximo, Mexico, Zenaida, Zion, Zobel, Zanzibar.** Ikalawa, sa mga katawagang siyentipiko at teknikal, halimbawa: **carbon dioxide, Albizia falcataria, jus sanguinis, quorum, quo warranto, valence, x-axis, oxygen, zeitgeist, zero, zygote.** Ikatlo, sa mga salita na mahirap dagliang ireispiel, halimbawa: **cauliflower, flores de mayo, jaywalking, queen, quiz, mix, pizza, zebra.**

5 | ZIPING NGA PATINIG

Kang enteru, mawawan yo unna nga patinig kang ziping nga patinig nga I+(A, E, O) antare U+(A, E, I) nu mesingit yo Y antare W kang atturat. Matalyanan kang Y yo orihinal nga I antare kang W yo orihinal nga U kang diptonggo. Kuntsaw yo makuwa kang **kompanYA** (*compañía*), **akasYA** (*acacia*), **tenYEnte** (*teniente*), antare **benepisYO** (*benepicio*); kang **indibidWAl** (*individual*), **agWAdor** (*aguador*), **sinigWElas** (*chineguelas*), **perWIsyo** (*prejuicio*). Puwede nga kayan nga patinig nga nakafi yo I antare U nu mekompara kang A, E, O. Mawawan yo guni yo I antare U nu natalyanan kang Y antare W. Pansinan peba: massolo nga pantig yo ziping nga patinig nu matalyanan kang Y o W yo unna nga patinig.

Pero hinyan nga appat nga eksepsiyon kanyaw:

5.1. Unna nga eksepsiyon: Nu yo ziping nga patinig e tumunug kang katinig kan yo unna nga pantig yo ergo kagitta yo **piYAno** (*piano*), **piYEsA** (*pieza*), **kiYOsko** (*kiosco*), **tUWAlya** (*toalla*), **pUWErsa** (*fuerza*). Tangngattan mu: nagadduwa kang duwa nga pantig yo ziping nga [atinig nga hinyan kan yo mekadwa nga pantig yo diin o tuldik.

5.2. Mekaduwa nga eksepsiyon: Nu yo kambal katinig e tumunug kan yo duwa o mas aru peba nga kumpol-

5 | KAMBAL-PATINIG

